# Pamamaraang Paggamit Sa Mga Salitang Balbal Ng Mga Kabataang Gen Z: Isang Elektronikong Pagsusuri

**REYMUND JOE M. NOGUERRA**
**DENZEL MARK A. CIRUELA**
**MARK JOHN L. BENITEZ**
**MAELAH JEAN E. BUO**
**JAY LORD C. ESCOBAL**
Surigao del Norte State University, Main Campus

*Abstrak* — Sa patuloy na pag-unlad ng makabagong teknolohiya ay patuloy rin ang pag-usbong ng mga bagong salita na nabuo sa iba't ibang pamamaraan ng pagbabalbal na ginagamit ng mga kabataan sa iba't ibang plataporma ng sosyal medya partikular na sa Facebook. Isang elektronikong pagsusuri ang pantulong upang masuri at masipat ang iba't ibang pamamaraan na ginagamit ng mga kabataang Gen Z sa pagbuo ng mga salita sa Facebook. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman kung ano ang pinakagamiting pamamaraan sa pagbuo ng mga salitang balbal na ginagamit sa Facebook ng mga kabataang Gen Z. Ang nasabing pag-aaral ay ginamitan ng Content Analysis sa pagsusuri ng mga nalikom na salita mula sa status at komento sa Facebook. Convenient Sampling naman ang ginamit ng mga mananaliksik kung saan ay pinili nila ang mga respondente na mas madadalian sila sa paghahanap sa oras ng pangangalap ng datos. Ang bilang ng mga respondente ay tatlumpu't lima (35) mula sa 25% ng mga mag-aaral sa SNSU na kumukuha ng mayoryang Filipino. Sinuri ang mga salitang nakalap sa Facebook sa pamamagitan ng Frequency at Percentage count upang mabatid ang bilang at bahagdan ng propayl at pamamaraan na gamitin ng mga tagatugon. Ang lumabas na resulta ay mas gamitin ang pamamaraang Gay Lingua na may 47 mula sa 175 na mga salita sa status at pamamaraang Pagkakaltas naman na may 49 mula sa 175 na mga salita sa komento. Lumitaw rin na ang pinakagamiting bahagi ng pananalita sa pagbuo ng mga salitang balbal sa Facebook ay Pang-uri at Panghalip. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na patuloy na pag-aralan ang iba't ibang pamamaraan sa pagbuo ng mga salita sa Facebook dahil patuloy na umuunlad ang teknolohiya at maging ang ating mga pamumuhay. May mga wikang napaglilipasan ng panahon at may mga wikang sumisibol at naipapakilala sa pagsilang ng bagong henerasyon.

***Keywords — Makabagong Teknolohiya, Bagong Salita, Pagbabalbal, Kabataan, Plataporma, Sosyal Midya, Facebook, Elektronikong Pagsusuri, Pamamaraan, Gen Z, Salitang Balbal, Content Analysis, Frequency, Bahagdan, Pang-Uri***

## I. Panimula

Sa paglipas ng panahon ay marami nang mga salita ang umusbong, napalitan, sumikat, at nagbagong–bihis. Patunay lamang na sa pamamayagpag ng teknolohiya ay nabibihisan ng bagong anyo ang mga wikang ating sinasalita. Sinasabing ang wika ay dinamiko kaya hind na nakapagtataka na sa bawat paglipas ng panahon at pagpapalit ng henerasyon ay nagbabago at

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

nadaragdagan ang ating bokabularyo at kaalaman. Natuklasan sa pag-aaral nina Tubio et al. (2017) na maraming mga salita ang umiiral sa social media sa kasalukuyang panahon at karamihan dito ay ngayon pa lamang narinig dahil na rin sa pagusbong ng makabagong panahon.

Ang wikang Filipino sa kasalukuyang panahon ay patuloy na lumalawak at nagbabago. Kasabay nang pag-usbong ng makabagong teknolohiya ay ang paglitaw ng mga bagong wikang sinasalita. Batay sa artikulo ni Virgilio Almario na isinaad ni Jimenez, F. (2014), ang wika ay sumasabay sa panahon na kung saan ang mga bagong salita na madalas gamitin ay nagiging tanyag, ang mga lumang salita naman ang naibabaon sa limot at nawala sa sirkulasyon. Sumasangayon siya na natural lamang ito lalo na sa panahong mabilis umusbong ang teknolohiya at pabago-bago ng panahon.

Ang nauusong wika ngayon na kilala rin sa tawag na “slang” o wikang balbal ay binubuo ng isang leksikon ng mga hindi estandardisadong salita at parirala sa isang tiyak na wika. Ito ay isang impormal na wika na ginagamit sa karaniwang pakikipagkomunikasyon. Ang pagsilang ng wikang GenZ ang nag–udyok sa pamamalasak ng mga bagong salita sa lipunan. Madalas itong ginagamit at nakikita sa Facebook na kung saan isa ito sa pinakatanyag na social media network sa buong mundo. Sa pag-aaral na isinagawa ni Gime Arjohn (2020) pinamagatang WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas na isinumite sa International Journal of Research Studies in Education. Napatunayan sa pag-aaral na ang wika ay buhay at dinamiko sa lipunang patuloy na gumagamit ng midya at teknolohiya. Ang impluwensiya ng social media platforms tulad ng Twitter, Facebook, Instagram, telebisyon at iba’t ibang panoorin ay nagbubunsod ng eksperimentalisasyon sa mga bagong salita at mga umiiral nang mga salita. Sa lawak ng nasasaklaw ng teknolohiya ay hindi maikakaila na malaking bahagi ang ginagampanan nito sa wika at sa paraan ng pakikipagtalastasan ng mga kabataan partikular na ang mga nabibilang sa Generation Z. Ang GenZ ay ang unang henerasyong panlipunan na lumaki at nasaksihan ang pagsibol ng internet mula sa murang edad. Sila ang mga ipinanganak sa pagitan ng taong 1990 hanggang 2010.

Anumang mga datos at impormasyon na malilikom sa pag-aaral na ito ay maaaring mabasa at mapagkunan ng kaalaman hindi lamang ng mga kabataang nabibilang sa Generation Z pati na rin ang mga susunod pang henerasyon. Magiging lulan ito ng mga salitang pangkomunikasyon at pamamaraang madalas na ginagamit sa pagbuo ng mga salita sa Facebook. Kaya masasabing nakakatulong ang masinsinang pagsusuri sa mga bagong salita at sa paraan ng pagbuo nito upang malaman kung anong pamamaraan ang madalas na gamitin ng mga GenZ sa pakikipagkomunikasyon gamit ang elektronikong kasangkapan sa kasalukuyan panahon.

**Kaugnay na Literatura**

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng Wika sa pakikipagtalastasan sapagkat ito ang tanging paraan upang ganap na maunawaan ang nais ipahiwatig ng mga indibidwal na sangkot sa talastasan. Isang pag-aaral ni Velasquez (2023), batay sa isang propesor ng linggwistika sa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Unibersidad ng Pilipinas, ay nagpapakita na ang mga balbal na wika ay bunga ng "natural na mga pagbabago", o mga pagbabago sa natural na wika, na kasabay ng pag-usbong ng panahon. Ipinapakita nito na ang wikang Filipino ay buhay at patuloy na nagbabago. Isa sa mga katangian ng wika ay ang dinamismo na nagmumula sa pinakamataas na impluwensya ng "bagong pag-aaral" sa lipunan. Ang kultura at teknolohiya ay nagdadala ng mga hindi inaasahang pagbabago sa wika. Ang pagiging tiyak ng salitang "pagbabago" ay napatunayan sa teorya ng natural na batas at hindi maiiwasan sa ating wika. Ang pagbabago ay mahalaga upang punan ang mga kakulangan at matugunan ang mga pangangailangan ng mga gumagamit ng wika.

Umaalin sabay ito sa mabilis na pag-inog ng mundo sang-ayon sa mga pangangailangan ng lipunan at ng sitwasyong pangwika. Samakatuwid, dahil sa kaisipan ng nakararami upang mas mapadali ang pagbigkas ng mga salita, nagkaroon ng iba't ibang imbento ang mga mamamayan. Kabilang na rito ang mga akronim, tambilang, gay lingua, pagpapalit, pagpapaikli o pagkakaltas.

Ayon naman kay Arman Jay Caliso Velasquez (2023) Walang makahihinto sa pag-unlad na nagaganap sa isang bansa, at nakaangkla dito ang pagbabagong likas sa isang wika, ito ay tuluyang umiiral at patuloy na sumasabay sa pagbabago. Nadebelop at umunlad ang disiplina sa larangan ng teknolohiya. Laganap na mapapansin sa lahat ng indibidwal ang pag-usbong ng mga bagong salita na walang tiyak, minsan ay walang ugnayan pa sa ating dayalekto o taal na wika**.**

Ayon sa pag-aaral nina Cabrigas et.al (2020), ang paggamit ng balbal ay may positibong impluwensiya, tulad ng ipinapakita ng pagsusuri ni Noval (2021), sa kanyang akda na "Pag-usbong ng Balbal na Pansanalita bilang Modernong Wika ng Kabataan: Isang Pagsusuri."," ipinapakita ang karaniwang proseso ng paglikha ng mga salitang balbal sa pamamagitan ng paggamit ng kombinasyon. Sa kasalukuyang henerasyon, ang pangunahing paraan ng pagbuo ng mga salitang balbal ay sa pamamagitan ng kombinasyon. Ito ay ginagamit ng mga kabataan bilang bahagi ng kanilang pag-uusap, kung saan karaniwang ginagamit ang malikhaing pagpapaikli o pagbabago ng mga salita upang makipag-ugnayan at sumabay sa uso. Sa ganitong paraan, ang paggamit ng mga salitang balbal ay nagiging bahagi ng kanilang pagpapahayag at pakikipag-ugnayan sa iba.

Gayunpaman, tulad ng binanggit ni Zahid (2023), ang paggamit ng mga salitang balbal ay mayroon ding mga negatibong epekto. Una, maaaring may kakulangan ng mga kasanayan sa komunikasyon sa mga mag-aaral dahil sa madalas na paglihis sa karaniwang gramatika at bokabularyo, at bilang resulta, maaaring hindi sila makapag-usap nang maayos sa mga pormal na setting ng akademiko. Pangalawa, ang kolokyal na bokabularyo ay limitado at kadalasang nahahati sa mga partikular na grupo o disiplina, na maaaring humantong sa hindi pagkakaunawaan. Pangatlo, ang paggamit ng slang ay maaaring humantong sa pagkawala ng propesyonalismo, lalo na sa mga impormal na sitwasyon. Pang-apat, dahil ang tamang pag-unawa ay kadalasang nangangailangan ng kontekstwal na kaalaman, maaaring mangyari ang mga hindi pagkakaunawaan at hindi pagkakaunawaan, na maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa mga mag-aaral.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Isang lipunan na lalong nanghimok sa kabataan na makasanayang bigkasing madalas ang mga salitang ito gaya ng lipunang mabubuo sa social media, isang lipunang dihital na nabibigyan ang sinoman ng pagkakataong makilahok o di kaya ay makibahagi sa anomang paksa o usaping pinag-uusapan. Makikita rito ang ebolusyon ng pagbabago sa wikang Filipino. Taong 1960's mayroong mga naitalang salita dulot ng pagbabagong naganap, ang pagkalikha ng salitang 'lespu' na mula sa salitang 'polisya' o police, at gayon din ang salitang 'yorme mula sa mayor'. Ang pag-iral ng wikang balbal ay mapapansin at ginagamit sa taong binanggit at pinayabong sa kasalukuyan.

Umuusbong ang wikang balbal ngayon lalong lalo na sa mga sosyal medya ng Facebook. Kadalasang gumagamit nito ay ang mga kabataang Pilipino na tinatawag ngayong Gen Z. Karaniwan maririnig itong sinasalita nila sa pakikipagtalastasan sa kanilang mga kaibigan, sa paaralan, sa mga post sa sosyal medya sa mga text at iba pa. Ayon kay Noval (2021), ang paglaganap ng mga salitang balbal sa modernong panahon ay dulot na rin ng mga sitwasyong pangwikang dinadanas ng tagapagsalita kasangkot ang malikhaing pagpapahayag ng mga kaisipan at mga ideya patungkol sa isang tiyak na paksa. Ang malikhaing pagpapahayag na ito ay sinangkapan ng malikhaing paghahabi ng mga salita sa makabuluhang pamamaraan sa pagbuo ng mga salitang balbal sa iba't ibang henerasyon.

## II. Metodolohiya

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng desinyong kwalitatibong pamaamaraan gamit ang *Content Analysis.* Ito ang nararapat na gamiting desinyo upang masuri at mailarawan ang pamamaraang pinakamadalas gamitin ng mga piling mag-aaral sa pagbuo ng mga salita sa Facebook base sa kanilang mga komento at status. Masusing titingnan, uuriin at aanalisahin ang mga pamamaraang ginamit sa pagbuo ng mga salita ng mga piling mag-aaral sa komento at post sa facebook. Ang pag-aaral na ito ay sinubukang suriin kung anong pamamaraan ang pinakamadalas na gamitin sa pagbuo ng mga salita sa post at komento sa Facebook ng Batsilyer ng Sekondaryang Pang-edukasyon medyor sa Filipino ng Surigao del Norte State University.

Ang mga tagatugon sa pananaliksik na ito ay ang piling tatlumpu't lima lamang mula sa 25% ng populasyon ng mga mag-aaral sa BSED-Filipino ng Surigao del Norte State University. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Convenience Sampling na pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Makikita sa unang hanay ang kurso at seksyon ng mga tagatugon. Sa ikalawang hanay naman nakapaloob ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral ng BSED-Filipino kung saan sa unang taon ay may kabuuang bilang na 44, sa ikalawang taon naman ay may bilang na 36 sa ikatlong taon ay may 29, at sa ikaapat na taon ay may bilang na 33 na mga mag-aaral. Na may kabuuang bilang na 142 na mga mag-aaral ng BSED-Filipino sa Surigao del Norte State University. Sa ikatlong hanay makikita ang mga piling tagatugon na sumailalim sa pagsusuri dahil sila lamang

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

ang aktibo o hantad sa paggamit ng Facebook. Kung saan sa unang taon ay may bilang na 11, sa ikalawang taon naman ay ma bilang na 9, sa ikatlong taon ay may bilang na 7 na mga mag-aaral, at 8 mag-aaral naman sa ikaapat na taon. Kung saan may kabuuang bilang na 35 na tagatugon sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Ang naging batayan sa pagpili ng mga tagatugon ay una, dapat ay mag-aaral ng Surigao del Norte State University na kumukuha ng kursong BSEd-Filipino. Pangalawa, dapat ay may palagiang kahantaran sa Facebook. Pangatlo, dapat ay kakikitaan ng lima o higit pang mga salita sa kanilang status at komento sa Facebook gamit ang iba't ibang pamamaraan sa pagbuo ng mga salitang balbal.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talaan ng mga pamamaraang ginagamit sa pakikipagkomunikasyon ng mga kabataang GenZ bilang instrumento sa pagkalap at pagkuha ng mga kinakailangang datos at impormasyon sa pagaaral. Ang talaan ay gawa mismo ng mga mananaliksik kaya dumaan ito sa balidasyon sa pamamagitan ng pagsuri ng mga status sa Facebook ng mga piling mag-aaral ng BSEd Filipino ng Surigao Del Norte State University. Ang talaan ay binubuo ng tatlong bahagi. Ang unang bahagi ay ang pagkuha sa personal na propayl ng mga tagatugon tulad ng pangalan ng respondante, antas ng taon, kasarian, kahantaran sa facebook. Ang ikalawang bahagi naman ay tungkol sa talaan ng mga pamamaraang ginagamit pangkomunikasyon ng mga GenZ sa facebook tulad ng pagpapalit, pagbabaliktad, tambilang, pagkakaltas, akronim at paggamit ng salitang Gay lingua. Ang ikatlong bahagi naman ay ang talaan ng mga salitang pang komunikasyon ng mga GenZ na ginamit nila sa kanilang status at mga komento sa Facebook.

Bago paman nagsagawa ng pangangalap ng impormasyon sa mga tagatugon, ang mga mananaliksik ay gumawa ng liham pahintulot para sa Dekana ng College of Teacher Education at mga mag-aaral ng BSED Filipino upang suriin ang kanilang status at komento sa facebook. Isa-isang pinuntahan ang bawat antas ng BSED-Filipino sa SNSU upang ipresenta sa kanila ang liham at sarbey na inihanda. Sa pag-iikot sa bawat antas ay siniguro ng mga mananaliksik na ang mga tagatugon ay mahihingan ng pahintulot na bubusisiin ang kanilang mga propayl sa facebook upang maiwasan ang pagkakaroon ng problema sa paniniktik ng mga mananaliksik.

Ang mga status at komento na sinuri mula sa tagatugon ay pinili sa paraang walang alintana sa petsa ng mga mananaliksik. Isa-isang tiningnan ng mga mananaliksik ang bawat propayl ng mga tagatugon sa facebook, pumili ng limang status at limang komento dito na may kabuuang sampung piling mga salita kung saan kakikitaan ng mga pamamaraang ginamit sa pagbuo ng salita sa paglalahad sa nasabing social media at iniscreenshot ang mga ito. Sumunod ay sinuri ng mga mananaliksik ang mga salitang nakapaloob sa bawat status at komento ng mga tagatugon batay sa mga salitang naitala at nakolekta.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## III. Resulta at Pagtalakay

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta at pag-analisa batay sa mga datos na nakalap.

**Talahanayan 1.**
**Pagkakasunod-sunod ng mga Pamamaraang Ginagamit sa Pagbuo ng mga Salitang Balbal sa Facebook batay sa Status**

| Pagbabalbal | Bilang ng mga salita | Bahagdan | Pagkakasunod-sunod |
|---|---|---|---|
| Pagpapalit | 42 | 24% | **2** |
| Pagbabaliktad | 5 | 6% | **6** |
| Tambilang | 18 | 10% | **5** |
| Pagkakaltas | 36 | 20.5% | **3** |
| Akronim | 24 | 13.7% | **4** |
| Gay Lingua | 47 | 26.8% | **1** |
| **Kabuuan** | **175** | **100%** | |

Batay sa talahanayang ipinakita sa pagsusuri ng mga status sa Facebook, lumalabas na ang pamamaraang Gay Lingua ang nangunguna o pinakagamiting pamamaraan sa pagbuo ng mga salita na may kabuuang 47 salita o 27 bahagdan. Ang pangalawa sa pinakagamiting pamamaraang ay ang Pagpapalit na may 42 salita o 24 bahagdan. Pangatlo ay ang pamamaraang Pagkakaltas na may kabuuang 36 salita o 21 bahagdan, Pang-apat ay ang pamamaraang Akronim na may 24 na salita o 14 bahagdan. Panglima ay paggamit ng pamamaraang Tambilang na may 18 na salita o 10 bahagdan. Ang panghuli at hindi masyadong gamiting pamamaraan sa pagbuo ng mga salita sa status sa Facebook ay ang pamamaraang Pagbabaliktad na may 8 salita o 5 bahagdan.

Ang mabilis na paglago ng komunikasyon ang isa sa mga nagbigay daan upang unti-unting matanggap ang paggamit ng gay lingo sa midya at akademya. Dahil din sa bilis ng paglaganap nito, pati ang ibang hindi homosekswal ay marunong na ngayong magsalita at kung hindi naman ay umintindi ng gay lingo. (Saguitan, 2004). Ibig sabihin, dahil sa paglaganap ng pamamaraang Gay Lingua o Gay Lingo, hindi lamang mga bakla ang lantad sa paggamit ng wikang ito kung hindi pati na rin ang ibang kasarian. Ito ang nangunguna sa lahat ng pamamaraan sapagkat ang mga Gen Z ay mas gustong maging sosyal sa Facebook at ang mga salitang nabuo mula sa pangkat ng mga bakla ay kadalasang hango sa wikang Ingles at nilalaro lamang nila ang mga pantig at letra o kaya ay dinadagdagan para mas kakaibang pakinggan.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 2**
**Pagkakasunod-sunod ng mga Pamamaraang Ginagamit sa Pagbuo ng mga Salitag Balbal sa Facebook batay sa Komento**

| Pagbabalbal | Bilang ng mga salita | Bahagdan | Pagkakasunod-sunod |
|---|---|---|---|
| Pagpapalit | 39 | 22.3 | 2 |
| Pagbabaliktad | 4 | 2.3 | 6 |
| Tambilang | 17 | 9.7 | 5 |
| Pagkakaltas | 49 | 28 | 1 |
| Akronim | 28 | 16 | 4 |
| Gay Lingua | 38 | 21.7 | 3 |
| **Kabuuan** | **175** | **100** | |

Sa pagsusuri naman sa mga komento, lumalabas na ang pamamaraang Pagkakaltas ang pinakagamiting pamamaraan sa pagbuo ng mga salita na may kabuuang 49 salita o 28 bahagdan. Pumangalawa sa pinakagamiting pamamaraan ay ang pamamaraang Pagpapalit na may 39 salita o 22.3 bahagdan. Pangatlo ay ang paggamit ng pamamamaraang Gay Lingua na may kabuuang 38 salita o 21.7 bahagdan. Pang-apat ay ang paggamit ng pamamaraang Akronim na may 28 na salita o 16 bahagdan. Panglima ay paggamit ng pamamaraang Tambilang na may 17 na salita o 9.7 bahagdan. Ang panghuli at hindi masyadong gamiting pamamaraan sa pagbuo ng mga salita sa komento sa Facebook ay ang pamamaraang Pagbabaliktad na may 4 na salita o 5 bahagdan.

Ayon kay James Muhammad na inilahad niya sa pananaliksik ni Arman Jay Calise Velasquez (2023), ang mga pinaikling salita ay nagpapahusay sa ating komunikasyon. Ito ay modernong paggamit ng wika. Ang mga salitang ito ay madalas na nakikita o nakakaharap sa mga teksto. Sa kasong ito, mas malamang na ginagamit ito upang mapadali at mapabilis ang proseso ng pagpapadala ng mga text message. Ibig sabihin, mas nahuhumaling ang mga kabataang Gen Z sa paggamit ng pamamaraang Pagkakaltas o mga pinaikling salita dahil ito ang mas mabilis na pamamaraan sa pakikipagkomunikasyon. Sa pamamagitan ng pagkakaltas ng mga letra o pagpapaikli nito, mas mabilis na naipaparating ang mga saloobin, ideya at pagtugon sa mga komento sa Facebook.

**Talahanayan 3**
**Talaan ng mga Salita sa Pamamaraang Pagpapalit sa Status at Komento sa Facebook**

| Salita | Orihinal na Salita | Bahagi ng Pananalita | Kahulugan |
|---|---|---|---|
| Sori | sorry | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa paghingi ng tawad sa pamamagitan ng kilos o salita. |
| Habadu | happy birthday | Pang-uri | Ito ay paraan ng pagbati tuwing may karaawan. |
| Lizod | lisod | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa isang sitwasyon na mahirap o nahihirapan. |
| Skul | school | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa isang lugar o institusyon para sa edukasyon. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| Iyaq | iyak | Pandiwa | Ito ay tumutukoy sa kilos na nagpapakita ng pagtangis o pagluha. |
| Cla | sila | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa isang pangkat ng tao. |
| Gwafa | gwapa | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa isang magandang katangian o itsura. |
| Kween | queen | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa babaeng pinuno o lider ng isang monarkiya. |
| Aq | ako | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa sarili. |
| Klarex | klaro | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa malinaw o maliwanag na tugon o pagsang-ayon. |

Ipinapakita sa talahanayang ito ang mga salitang nalikom mula sa status at komento ng mga tagatugon sa Facebook batay sa pamamaraang Pagpapalit. Kalakip nito ay ang pagtukoy at pag-uri kung saang bahagi ng pananalita ginamit ang mga salita. Mapapansin na sa pamamaaraang pagpapalit, ang mga salita ay kanilang binabago at pinapalitan ang mga huling letra ng salita. Halimbawa nito ang salitang “sori” sa halip na gamitin ang tamang pagbaybay ng salita na “sorry”, “iyaq” sa halip na “iyak”. Salitang “aq” sa halip na gamitin ang tamang pagbaybay ng salita na “ako”, “cla” sa halip na “sila”. Mapapansin rin na binabago nila ang pagbabaybay ng buong salita. Halimbawa ang salitang “habadu” sa halip na “happy birthday”, “skul” sa halip na “school” at “lizod” sa halip na “lisod”. Salitang “kween” sa halip na “queen”, “klarex” sa halip na “klaro” at “gwafa” sa halip na “gwapa”. Mapapansin rin dito na ang karaniwang bahagi ng pananalita na kanilang ginagamit ay Pang-uri.

**Talahanayan 4**
**Talaan ng mga Salita sa Pamamaraang Pagbabaliktad**
**Sa Status at Komento sa Facebook**

| **Salita** | **Orihinal na Salita** | **Bahagi ng Pananalita** | **Kahulugan** |
|---|---|---|---|
| Arat | tara | Pandiwa | Ito ay isang paraan ng pag-anyaya o pag-udyok na sumama. |
| Obob | bobo | Pang-uri | Ito ay isang katangian ng tao na hindi matalino o walang alam. |
| Lodi | idol | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa isang taong hinahangaan. |

Ipinapakita sa talahanayang ito ang mga salitang nalikom mula sa status at komento ng mga tagatugon sa Facebook batay sa pamamaraang Pagbabaliktad. Kalakip nito ay ang pagtukoy at pag-uri kung saang bahagi ng pananalita ginamit ang mga salita. Mapapansin sa pamamaraang ito ang lantaran na pagbabaliktad ng mga salita gaya ng “arat” sa halip na “tara”, “obob” sa halip na “bobo” at “lodi” sa halip na “idol”. Ayon sa pag-aaral ni Stockwell (2019) ang pagbabaliktad ay maaaring magkaroon ng pagbabago sa orihinal kung may pagdaragdag ng ponema at pagkakaroon ng pagbabagong morpoponemiko. Mapapansin rin dito na ang karaniwang bahagi ng pananalita na kanilang ginagamit ay pang-uri.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 5**
**Talaan ng mga salita sa pamamaraang Tambilang**
**Sa Status at Komento sa Facebook**

| **Salita** | **Orihinal na Salita** | **Bahagi ng Pananalita** | **Kahulugan** |
|---|---|---|---|
| Balik² | Balik-balik | Pang-abay | Ito ay nagsasaad ng paulit-ulit na kilos |
| Bida² | Bida-bida | Pang-uri | Ito ay naglalarawan ng katangain ng isang tao na papansin o gusto na siya palagi ang bida. |
| Isa² | Isa-isa | Pang-abay | Ito ay nagsasaad ng serye o hakbang ng gawain sa sistematikong pamamaraan. |
| Buwse8l. | Buweset | Pang-uri | Ito ay nagpapahiwatig ng pagkainis. |
| Mekus² | Mekus-mekus | Pandiwa | Ito ay isang hiram na salita na nagsasaad ng paghalo ng isang putahe. |
| Bas2s | Bastos | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa isang ugali ng tao na walang modo o isang malaswang gawain. |
| 22y | Totoy | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa parte ng katawan ng babae. |
| Lab2x | Lab-lab | Pang-uri | Ito ay nagpapahiwatig ng Pag-ibig o pagmamahal. |
| Iyat2x | Iyat-iyat | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa pagiging maarte o kikay ng isang tao. |
| Sip2x | Sipsip | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa ugali ng isang tao na nagbabalat-kayo para makabenepisyo. |

Ipinapakita sa talahanayang ito ang mga salitang nalikom mula sa status at komento ng mga tagatugon sa Facebook batay sa pamamaraang Tambilang. Kalakip nito ay ang pagtukoy at pag-uri kung saang bahagi ng pananalita ginamit ang mga salita. Mapapansin na dinadagdagan ang mga salita ng mga bilang para ito ay maging paulit-ulit na salita. Halimbawa ng "balik2x" sa halip na e type ang buong salita na "balik-balik". "bida2x" sa halip na "bida-bida", "isa2x", sa halip na "isa-isa", "mekus2x" sa halip na "mekus-mekus", "Lab2x" sa halip na "lablab", "iyat2x"sa halip na "iyat-iyat" at "sip2x" sa halip na "sipsip" Mapapansin rin na ginagamit ang bilang para panghalili sa mga pantig o letra sa ilalim ng mga salita para mas madali nila itong ma e type. Gaya ng "buwse8" sa halip na gamitin ang tamang pagbaybay na "buwesit" at "bas2s" sa halip na "bastos". Ang karaniwang bahagi ng pananalita na kanilang ginagamit ay Pang-abay.

**Talahanayan 6**
**Talaan ng mga salita sa pamamaraang Pagkakaltas**
**Sa Status at Komento sa Facebook**

| **Salita** | **Orihinal na Salita** | **Bahagi ng Pananalita** | **Kahulugan** |
|---|---|---|---|
| Tru | true | Pang-abay | Ito ay nagsasaad ng pagsang-ayon. |
| Lge | lagi | Pang-abay | Ito ay nagsasaad ng pagsang-ayon. |
| Sahay | usahay | Pang-abay | Ito ay tumutukoy sa pagkakataon o gawaing paminsan-minsan lamang. |
| Iao | siargao | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa pangalan ng lugar na Siargao. |
| Bb | baby | Panghalip | Ito ay tumutuoy sa isang Bata o paslit. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| U | you | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa sarili. |
| Nkatuyog | nakatuyog | Pandiwa | Ito ay tumutukoy sa hindi inaasahang pagkaidlip. |
| Pra | para | Pang-ukol | Ito ay tumutukoy sa Pag-uugnay ng tanging tao. |
| Nmo | nimo | Panghalip | Ito ay tumutukoy bilang panghalili sa salitang ikaw. |
| Btw | bitaw | Pang-abay | Ito ay nagsasaad ng pagsang-ayon o pagpapatotoo. |

Ipinapakita sa talahanayang ito ang mga salitang nalikom mula sa status at komento ng mga tagatugon sa Facebook batay sa pamamaraang Pagkakaltas. Kalakip nito ay ang pagtukoy at pag-uri kung saang bahagi ng pananalita ginamit ang mga salita. Mapapansin na ang mga salita ay binabawasan ng mga pantig o letra. Ayon kay Seth et al. (2018) Sa pakikipagtalastasan, maaaring hindi naihatid ng tama ang nilalaman ng mga mensahe at ideya. Hindi maikakaila na napreserba ang komunikasyon.

Ang kapansin-pansin sa bawat isa sa mga halimbawa sa talahanayan ay ang mga pagdadaglat, isa man o dalawa, ay karaniwang nagiiwan ng dalawang pantig sa dulo ng salita. Gaya ng mga salitang “tru” sa halip na gamitin ang tamang pagbaybay at orihinal na salita nito na “true”, “lge” sa halip na “lagi”, “sahay” sa halip na “unsahay”, “iao” sa halip na “siargao”, “bb” sa halip na “baby”, “u” sa halip na “you”, “nkatuyog” sa halip na “nakatuyog”, “pra” sa halip na “para”, “nmo” sa halip na “nimo” at “btw” sa halip na “bitaw”. Ang mga salitang ito ay madalas na nakikita o nakakaharap sa mga teksto. Ang karaniwang bahagi ng pananalita na kanilang ginagamit ay Pang-abay.

**Talahanayan 7**
**Talaan ng mga salita sa pamamaraang Akronim**
**Sa Status at Komento sa Facebook**

| Salita | Orihinal na Salita | Bahagi ng Pananalita | Kahulugan |
|---|---|---|---|
| Skl | Share ko lang | Pandiwa | Ito tumutukoy sa pagbabahagi ng saloobin o opinyon |
| OMG | Oh my God | Pang-uri | Ito ay nagpapahiwatig ng pagkagulat o pagkabigla |
| IMY | I miss you | Pang-uri | Ito ay nagpapahiwatig ng pangungulila |
| TB | throwback | Pandiwa | Ito ay nagpapahiwatig ng pagbabalik-tanaw o pagsulyap sa nakaraan |
| OA | Over acting | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa ugali o galaw ng tao na eksaherada |
| AFAM | American Foreigner Assigned in Manila | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa Amerikanong dayuhan na nanirahan o pumunta sa Pilipinas |
| OOTD | Outfit Of The Day | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa pananamit ng isang tao sa bawat araw o okasyon |
| BFF | Best Friend Forever | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa matalik na kaibigan |
| SS | Screenshot | Pandiwa | Ito ay tumutukoy sa pagagkuha ng litrato sa cellphone mismo |
| CP | Cellphone | Pangngalan | Ito ay tumutukoy sa isang elektronikong kagamitan |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Ipinapakita sa talahanayang ito ang mga salitang nalikom mula sa status at komento ng mga tagatugon sa Facebook batay sa pamamaraang Akronim. Kalakip nito by ang pagtukoy at pag-uri kung saang bahagi ng pananalita ginamit ang mga salita. Mapapansin na sa halip na buong salita o parirala ang gamitin, pinapaikti ito gamit ang mga unang letra ng mga salita o parirala. Sa pag-aaral ni Chayne ng eFil sa internet ang paggamit ng akronim o pagdadaglat partikular sa komunikasyon sa internet.

Ganito rin ang paglalarawan ng slang sa isinagawang pagaaral ni Trimastuti (2017) na kung saan sa aming pag-aaral ay ganito ang makikita at masasabing karamihan ay nakikita nasa mga social media o ginagamit na ito, halimbawa nito ay “skl” na ang orihinal na salita ay “share ko lang”, “omg” sa halip na”oh my god, “imy” sa halip na “I miss you, “tb” sa halip na “throwback” , “oa” sa halip na “over acting”, “afam” sa halip na “A Foreigner Assigned in Manila” , “ootd” sa halip na “Outfit of the day, "bff" sa halip na "best frIend forever”, “ss” para sa screenshot at “cp” naman sa halip na Cellphone. Mapapansin rin na ang karaniwang bahagi ng pananalita he kanilang ginagamit ay Pang-uri.

**Talahanayan 8**
**Talaan ng mga salita sa pamamaraang Gay Lingua**
**Sa Status at Komento sa Facebook**

| Salita | Orihinal na Salita | Bahagi ng Pananalita | Kahulugan |
|---|---|---|---|
| Sinetch | Sino | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa tanong na sino. |
| Beshy | Friend | Panghalip | Ito ay tawag sa matalik na kaibigan. |
| Sissy | Sister | Panghalip | Ito ay tawag sa kaibigang babae o beki. |
| Keri | Kaya | Pang-uri | Ito ay tumutukoy sa kakayahang gawin ang anumang bagay. |
| Gors | Go | Pandiwa | Ito ay nagsasaad ng kilos na pagpunta o paglakad. |
| Madie | Mare | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa ibang katawagan sa kumare o kaibigang babae. |
| Akime | Ako | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa sarili. |
| The | Ate | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa ibang katawagan sa nakatatandang babae o kaibigan. |
| Momshie | Mommy/mama | Panghalip | Ito ay tumutukoy sa ibang katawagan sa ina-inahan o ina. |

Ipinapakita sa talahanayang ito ang mga salitang nalikom mula sa status at komento ng mga tagatugon sa Facebook batay sa pamamaraang Gay Lingua. Kalakip nito ay ang pagtukoy at pag-uri kung saang bahagi ng pananalita ginamit ang mga salita. Mapapansin na ang mga salita ay pinapahaba o dinadagdagan ng mga letra o pantig at Kadalasan ring binabago ang pagbaybay ng buong salita. Halimbawa nito ang mga salitang “sinetch” sa halip na “sino”, “beshy” sa halip na “friend”, “sissy” sa halip na “sister”, “keri” sa halip na “kaya”, “gors”, “madie” sa halip na “kumare”, “akime” sa halip na “Ako”, “the” sa halip na “ate”, at “momshie” sa halip na “mommy” o “mama”. Mapapansin rin na ang karaniwang bahagi ng pananalita na kanilang ginagamit ay Panghalip.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Patuloy ang pagtangkilik ng mga kabataan sa mga nauusong salita ngayon lalo na mga salitang nabuo sa isang partikular na pangkat tulad ng nasa LGBTQIA Community na kung saan Gay Lingua ang sinasalita. Sosyal pakinggan at masyadong slang na sa tingin ng mga kabataan ay nagtutunog mayaman at kakaiba.

## IV. Conclusion

Batay sa mga natuklasan sa ibinahaging pag-aaral, ang konklusyon ng mga mananaliksik ay ang mga sumusunod: 1) Batay sa ginawang pananaliksik, natuklasan sa propayl ng mga tagatugon ayon sa kasarian na mas maraming kababaihan ang lumahok sa pananaliksik kaysa sa mga kalalakihan. Nasa unang taon ang pinakamarami sa antas ng taon habang ang pinakamababa ay nasa ikatlong taon. Sa kahantaran sa Facebook, marami ang sumagot ng palagiang gumagamit sa Facebook. 2) Lumitaw na ang Gay Lingua ang pinakagamiting pamamamaraang pagbabalbal batay sa kanilang status at Pagkakaltas naman ang pinakagamiting pamamaraan sa pagbuo ng salita batay sa kanilang komento. Habang pamamaraang pagbabaliktad naman ang pamamaraang hindi gaanong gamitin sa pagbuo ng mga salita sa status at komento sa Facebook. 3) Natukoy rin sa pagsusuri ang pinakagamiting bahagi ng pananalita na kung saan nabatid na pang-uri at panghalip ang karaniwang ginagamit ng mga tagatugon sa pagbuo ng mga salita sa status at komento sa Facebook. 4) Naging bahagi na ng pang-araw-araw na komunikasyon ng mga kabataang Gen Z ang mga salitang balbal sa pagbabahagi ng kanilang opinyon, saloobin at emosyon sa iba't ibang pamamaraan at istruktura.

Ang pagsasagawa ng ganitong e-dokumentong pananaliksik ay nagdudulot ng implikasyon para sa kultibasyon at pagkakaroon ng kamalayan hinggil sa mga pagbabagong nagaganap sa wikang ginagamit lalo na sa sosyal midya. Ang pagkakaroon ng mga pagbabago ay kailangan pang maidokumento at lubos na palalimin ang pag-unawa upang magamit nang tama lalo na sa mga teknikal at pormal na pakikipagkomunikasyon pasalita man o pasulat. Mahalaga rin maipakita sa mga *Generation Z* ang halaga ng pag-aaral panglingwistika na naglalayong palawakin ang kanilang kaalaman sa wika at komunikasyon.

## References

[1] Alcantara, E. F., & Foster, J. james. (2023, May). Chap 1 and 2 Balbal - Epekto ng paggamit ng Salitang Balbal sa komunikasyon ng mga Piling Mag -. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/siena-college-of-taytay/practical- research-2/chap-1-and-2-balbal/61078253

[2] Ambarsari, S., Amrullah, A., & Nawawi, N. (2020). The use of online slang for independent learning in English vocabulary. Proceedings of the 1st Annual Conference on Education and Social Sciences (ACCESS 2019). https://doi.org/10.2991/assehr.k.200827.074

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

[3] Velasquez, A. J. C. (2023). Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. Journal of Indigenous Languages, 1(1), 1–29. https://journals.jozacpublishers.com/jil/article/view/461
[4] Villamater-Garcia, F. (2022). Impluwensya Ng "Millennial Words" At Kasanayan Sa Pagsulat Ng Komposisyong Filipino Ng Mga Mag-Aaral Ng Biñan Integrated National High School. International Journal of Research Publications, 112(1). https://doi.org/10.47119/ijrp10011211120224068
[5] Arman Jay Caliso Velasquez (2023, July). Semantikong HistoSikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao (pp.2)
[6] Noval, Arnel T. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri.
[7] Stockwell, R. (2019). Emergence of the faithful by consonant copying in a Tagalog language game. JSEALS Special Publication (No. 4), 69-82.
[8] Velasquez, A. J. C. (2023). Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao. Journal of Indigenous Languages ,1(1), 1-29. Retrieved from https://journals.jozacpublishers.com/jil/article/view/461

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved